

1

Nakatingin pa rin sa puntod ng mga magulang si Nerellie; araw-araw siyang naririto simula nang ilibing ang nasirang mag-asawa dalawang araw na ang nakalipas. Hindi pa rin niya matanggap na wala na ang mga ito, na nag-iisa na lang siya sa mundo. She was devastated. Kapapasa pa lang niya ng board exams para maging registered nurse, at ipinag-celebrate pa lang nilang mag-anak iyon sa Hongkong noong nakaraang buwan. Iyon ang treat sa kanya ng daddy niya bilang reward sa kanyang pagkakapasa sa naturang board exams. Nasa Top 4 spot siya, and that made her parents really proud of her. Pero ngayong wala na ang mga ito, ano pa ang kasayahang maidudulot niyon sa kanya? Para siyang napilayan ng dalawang paa.

Kasama ang mga magulang niya sa mga nasawing pasahero sa plane crash na nangyari dalawang linggo na ang nakalipas. Nagbiyahe ang mag-asawa para bisitahin ang tita niyang may-sakit na naninirahan sa America; ito ay kapatid ng mommy niya. Hindi na siya nakasama dahil natanggap siya bilang nurse sa ospital na in-apply-an niya.

Ang hindi niya inaasahan ay ang pagbagsak ng eroplanong sinakyan ng mga ito. Isang linggo rin siyang umupa ng private rescue team upang hanapin sina Fernando at Rowena, na halos umubos sa pera nila sa bangko. Makaraan ang isang linggo ay nakita ang mga katawan ng mga ito, halos mamatay siya nang malaman niyang patay na ang dalawa. Nagkaroon siya ng nervous breakdown at na-confine siya ng dalawang araw sa ospital na pinagtatrabauhan niya.

At ngayon nga ay araw-araw niyang binibisita ang puntod ng kanyang mga magulang. Nag-iisa na lang siya. Nasa abroad ang lahat ng mga kamag-anak nila kaya siya na lang ang natira rito sa Pilipinas.

“Hija, tara na. Mukhang uulan na.”

Napalingon siya; ang Ninong Roberto niya ang kanyang nakita. Marahil ay hinahanap siya nito dahil ilang araw na rin siyang hindi pumapasok sa trabaho. Pag-aari kasi nito ang ospital kung saan siya nagtatrabaho. Pinunasan niya ng panyo ang luha sa pisngi niya.

“Ninong...” Napahikbi ulit siya at yumakap sa matandang lalaki. Nasulyapan niya sa likuran ang asawa nito at yumakap din siya rito.

Habang yakap-yakap niya ang matandang babae

ay nagsasalita siya habang humihikbi. “I am alone now. Why did they left me, Tita Joseia? Sana isinama na lang nila ako. Mas gugustuhin ko pa ’yun.”

Hinagod nito ang likod niya. “Calm down, Nerellie. Nandito pa naman kami. You’re not alone, alam mo iyan.”

Kumalas siya ng yakap dito. “Alam ko po ’yun. Salamat po.”

“You can’t live by yourself, Hija. Gusto ko sanang sa amin ka na lang muna tumira,” sabi ng Ninong Roberto niya.

“Ho? Huwag na ho...”

“Lalo ka lang malulungkot sa bahay n’yo kapag nag-iisa ka lang doon. Sa amin ka na muna tumuloy,” sabad ni Nicole. Best friend niya ito simula pa nang bata sila, kalaro rin niya ito noon. Pero lately ay busy na rin ito sa pag-aaral sa ibang bansa, kaya ngayon lang uli sila nagkasama nang matagal pagkatapos ng apat na taon. May communication pa rin sila maski magkalayo.

“Pero...”

Hindi niya natapos ang sasabihin nang sumingit naman si Slash, ang pangalawang anak ng ninong

niya. “Hey, huwag ka nang tumanggi pa, Nerellie. Hindi ka namin papayagang mag-isa. Ikaw din, mami-miss mo ang company namin ni Nicole at ang Kuya Ax ko,” pagbibiro nito. Masayahin talaga ang lalaki. Kahit minsan na lang sila magkita dahil iba-iba ang eskuwelahang pinasukan nila ay hindi pa rin maitatangging close siya sa mga ito lalo kina Nicole at Slash. Except Axel.

Napatingin siya kay Ax na prenteng nakasandal sa sasakyan nito. Nakatingin ito sa kanya, kaagad naman siyang nagbawi ng tingin. Hindi niya maintindihan kung bakit ganoon na lang ang reaksiyon ng binata sa kanya, na para bang lagi itong galit sa kanya. But that didn't stop her from having an intense crush on him.

Second year high school pa lang siya nang malaman niya mismo sa kanyang daddy na si Ax ang magiging future husband niya. Nabigla lang ito nang sabihin sa kanya ang tungkol sa kasunduan nito at ng Ninong Roberto niya. Paano ay nag-alala ito dahil kahit fourteen years old pa lang siya ay marami na ang nanliligaw sa kanya. Hindi naman niya sinasagot ang mga ito dahil focused siya sa kanyang pag-aaral, but still, hindi pa rin siya nilulubayan ng mga ito.

Nalaman ng Mommy Rowena niya ang tungkol sa kanyang mga manliligaw dahil nakita nito sa bag niya

ang mga love letters na ibinigay sa kanya. Tinanong siya nito tungkol doon pagkatapos ay iyon nga, binanggit nito sa asawa ang bagay na iyon. At doon nagsimulang ipagtapat sa kanya ukol sa kanilang dalawa ni Ax. Na siya nga raw ang magiging future Mrs. Axel Rosh Montelibano. Huwag raw siyang mag-entertain ng suitors, si Ax lang daw ang para sa kanya. She found it funny at first. Pero sa katagalan ay nagustuhan din niya ang ideyang iyon.

She really liked Ax, she even thought that she's really in love with him. Bahala na kung puppy love ang taguri ng ibang tao sa nararamdaman niya. Basta ang mahalaga, kanya si Ax! At ang katibayan na siya nga ang magiging future wife nito ay lalo pang nagpasikdo sa nararamdaman niya sa binata. He was ten years older than her; lagi itong seryoso at hindi nakikipagkuwentuhan sa kanya hindi kagaya ng mga kapatid nito. She found him mysterious... and that excited her more!

Nabigla pa si Nerellie nang wala na si Ax sa harap ng sasakyan nito, at ngayon ay papalapit na nga sa kanya. Her heart violently hammered in her chest when he took her in his arms. Lubos-lubos na sana ang kaligayahan niya kung hindi lang sa ibinulong nito sa kanya.

“Hey, don’t daydream of me. You’re too obvious,” he said in a cool voice.

Napahiya siya sa narinig, marahan niya itong itinulak. Lagi na lang itong ganito pagdating sa kanya, ni hindi siya nito pinapansin sa panahong nagkakasalubong sila sa ospital na pag-aari ng mga Montelibano. Doon kasi siya nagtatrabaho.

“So... pumapayag ka na, Hija?” tanong ng Ninong niya.

Napatingin siya kay Ax na nasa harapan niya. Napatingala siya rito dahil matangkad ang lalaki. His eyes screamed of disapproval. Tila hinihikayat siya nito na tumanggi. But then she smiled. “Opo, Ninong. I’m accepting your invitation.” Nakita niyang nanliit ang mga mata ng binata sa pagkakatitig sa kanya pagkatapos ay tumalikod na ito.

“Hijo, samahan mo muna si Nerellie na kunin ang mga gamit niya sa bahay nila,” habol ni Joseia sa papalayong binata.

Humarap ito. “But, Mama, may aasikasuhin pa ako,” tanggi nito.

Maawtoridad ang tinig ni Roberto nang magsalita, “Samahan mo si Nerellie, Axel.”

Nakita niyang nalukot ang mukha ng binata pagkatapos ay walang salitang hinawakan siya sa braso at iginiya palayo.

Sumakay sila sa kotse niya. Kinuha ni Ax ang susi sa kanya nang walang imik. Halatang inis na inis pa rin ito. “Bakit ka pumayag na tumira sa amin?”

“Bakit hindi, Ax?”

“Kuya... ‘Kuya Ax’ ang itawag mo sa akin.”

“Hindi naman kita kuya, bakit kita tatawaging ‘Kuya’?”

Hinarap siya nito. “Dahil matanda ako sa iyo.”

Napatingin siya sa malayo at bumulong, “You’re not my kuya. You’re my fiancé!”

Marahas naman itong lumingon uli sa kanya, narinig pala nito ang sinabi niya. “You are not my girlfriend! And you are not my fiancée!”

“I’m your fiancée, sa ayaw at sa gusto mo,” matigas niyang sabi. Alam niyang alam na nito ang tungkol sa kasunduang iyon, hindi miminsang binabanggit ni Ninong Roberto iyon sa kanilang dalawa.

“You’re just a child!”

Nasaktan siya sa sinabi nito, pero hindi siya

nagpahalata. "I'm not a child anymore, Ax."

"Oh, yes you are!"

Inismiran na lang niya ito at ibinalik ang tingin sa malayo. She's tired and weary, pagkatapos heto pa ang isang ito na inuubos ang pasensya niya. Kung hindi nga lang niya mahal ito, nunca niyang pagtiyagaan ang kagaspangan ng ugali nito pagdating sa kanya.

Nanahimik na rin ang binata, marahil ay naiparating na niya rito na ayaw muna niyang makipag-away. Lihim siyang nagpasalamat.

Wala siyang masyadong tulog kaya hindi niya namalayan na nakaidlip pala siya. Napakomportable kasi ng sasakyan niya at malamig ang air-con.

"Hey, we're here. Gumising ka na." Si Ax, ginigising siya nito. Umungol lamang siya. "I said wake up, young lady! I have so much to do so wake up. Now!"

Napagising siyang bigla dahil sa sigaw nito. Hinarap niya ito. "Why do you have to yell?"

"Dahil hindi kita magising!"

"Sheesh, Ax! You don't have to yell." Binuksan niya ang pinto ng kotse at nagmamadaling lumabas.

Mamahalin Mo Rin Ako - Krystal Raine

Narinig din niyang sumunod ang binata sa kanya.
Hay, Ax! Bakit ba ganyan ka na lang lagi sa akin?

“P’wedeng pakibilisan. Huwag ka nang tumunganga diyan, Nerellie,” iritadong untag nito.

“Oo na!” Mabilis niyang binuksan ang gate nila.

2

Royalville. Isa iyong napakalaki at napakagandang subdivision sa probinsya ng Pampanga. Malawak ang lupain dito, pawang magaganda at malalaking bahay lamang ang nakatayo sa subdivision na iyon. May sarili itong clubhouse na may dalawang malaking swimming pool, tennis court at basketball court. May golf course din ito para sa mga residente na mahilig sa ganoong sport. Mayayaman ang mga nakatira sa *Royalville*; lahat ng may-ari ng mga mansyon doon ay may kani-kanyang malalaking negosyo sa Pampanga. Sa bungad pa lang nito ay apat na security guards na ang nagbabantay.

Kabilang ang mga Montelibano sa nagkaroon ng lote at nakapagpatayo ng mansyon sa *Royalville*. Isa ang mga ito sa mayayamang pamilya sa Region 3. Ang mga ito rin ang may-ari ng pinakamalaking ospital sa nabanggit na region, ang *Roberto Montelibano Medical Center* o *RMMC*. Ang chairman of the board na si Dr. Roberto Montelibano ay isang neurosurgeon, isa rin ito sa mga magagaling na doktor sa buong Pilipinas Ang asawa nitong si Joseia Montelibano ay isang successful businesswoman in her own right, pag-aari nito ang restaurant na marami nang branch

sa Pilipinas, ang *Jei-em Bar and Restaurant*; *JBR* for short.

Si Axel Rosh ang sumunod sa yapak ng amnito at isang magaling na cardiologist. Ito rin ang napipintong papalit sa puwesto ng ama sa board of directors sa hinaharap. Ang kapatid nitong si Slash ang namamahala sa *Jei-em Bar and Restaurant* kapalit ng ina nito. Ang bunsong si Nicole ay katatapos lang din ng Business and Management na kurso. Ito ang mamamahala sa ibang branch ng *JBR*.

Nanatiling nakatanaw sa labas si Nerellie habang tahimik lang sa pagmamaneho si Ax. Pangarap na niya na tumira sa *Royalville*, ngunit hindi sila ganoon kayaman. Mayaman sila, oo, pero hindi tulad ng mga Montelibano na madaming business sa bansa. Isang surgeon ang kanyang ama, si Dr. Fernando Arcea. Pagkaisip sa namayapang magulang ay muli siyang nalungkot. Nagbuntong-hininga siya, pilit na pinaglalaman ang luhang nag-uunahang pumatak.

“Hey, are you crying?” Ax asked in a soft voice full of concern. Tumaas ang kilay niya, hindi niya mapaniwalaan na may ganoong emotion sa boses nito.

Nang hindi siya sumagot, inabot nito ang kamay niya at marahang pinisil iyon. Bumilis ang tibok ng

puso niya. Hindi siya makapagsalita.

“Andito lang kami ng family ko para samahan ka. You’re one of my family now. Uhm... you’re my other little sister.”

Napatingin na siya rito. *Little sister!* “I can’t be your little sister, Ax. You will marry me in the future.”

Binitiwang nito ang kamay niya at hindi na nagsalita pa. Nakita niya ang pagkunot-noo nito. Gusto niyang suntukin ang sarili, kung bakit pa kasi niya binanggit-banggit iyon sa kausap. Nawala tuloy ito sa mood. Mukhang bumabait pa naman na ito sa kanya.

Nasa harap na sila ng gate ng Montelibano residence nang bumusina ito. Binuksan ng guard ang tarangkahan at ipinasok na ni Ax ang *Honda Civic* niya. Ipinarada iyon ng binata malapit sa isang red *BMW* car na alam niyang isa sa pag-aari nito.

Naunang bumaba ito at pumunta sa compartment ng kotse niya, binuksan nito iyon at kinuha ang kanyang mga gamit. Bumaba na rin siya. Napaisip tuloy siya; tama ba ang naging desisyon niyang manatili muna rito? Mukha kasing hindi siya welcome kay Ax. Nasasaktan siya sa ginagawi nito.

But I still love you, Ax! sigaw ng puso niya.

“Hija!” salubong sa kanya ni Joseia, niyakap siya pagkatapos ay iginiya sa loob. “Welcome to Montelibano mansion. Ito na ngayon ang magiging bahay mo mula ngayon.”

“Thank you po, Tita,” sagot niya na nakangiti. Nakita niyang ipinapasok na ni Ax ang mga gamit niya sa guest room ng mga ito.

“Ax, Hijo, huwag mo diyan ilagay ang mga gamit ni Nerellie,” pigil na ina nito. “Ilagay mo ’yan doon sa bakanteng kuwarto sa itaas. Ipinahanda ko na iyon.”

Napailing siya. “Okay lang naman po na dito na lang ako sa guest room.”

“No. You’re a member of this family now, kaya nararapat lang na doon ka matulog. We have spare bedrooms there. Hinahanda na namin ang sarili sa parating na mga apo,” anito na nakangiti.

“Oh.” Kinabahan siya, mukhang may ipinahihiwatig ito. Namula ang pisngi niya. “T-thank you po, Tita. Masyado na po yata akong nakakaabala sa inyo,” nahihiyang turan niya, nasulyapan kasi niya ang hindi pagsang-ayon sa mukha ni Ax.

“Ano ka ba naman, huwag ka nang mahiya. Miyembro ka na rin ng pamilyang ito. In the future ay magiging lehitimong Montelibano ka na rin.”

Tiningnan siya nito nang makahulugan.

Napangiti na rin siya sa sinabi ng matandang babae na sa kabila ng edad ay maganda pa rin.

“O siya, ihahanda ko na ang hapunan. Ipapatawag na lang kita sa kuwarto mo, Hija.” Iniwan na sila nito.

Pumapanhik na si Ax sa hagdanan nang habulin niya ito. “Ako na, Ax.”

Tumigil ito. “Bakit? Alam mo ba kung saan ang magiging kuwarto mo?”

Napailing siya; oo nga naman, baka iba pang silid ang mapasukan niya.

“See? Kaya sumunod ka na lang sa akin.”

Malamig pa rin ang pakikitungo nito sa kanya. What’s wrong with her? Maganda naman siya, matalino, topnotcher pa sa board exams for nurses. Karapat-dapat naman siya sa famous Dr. Ax, hindi ba? Bakit hindi siya gusto nito?

Nagpahuli nang kaunti si Nerellie nang sumunod siya sa binata. Napagmasdan niya ang matipunong likod nito. Nakasuot ito ng maroon long-sleeved polo at pantalong maong. May kahabaan din ang buhok nito, his black hair touched his collar. Nagmumukha itong modelo imbis na doctor. Alam niyang madaming

nagkakagusto rito, kabilang na ang ilang naging kaibigan niya sa ospital. Alam na alam niya pag dumarating ang guwapong doctor, tumatahimik ang lahat ng mga katrabaho niya.

Tahimik lang si Ax, minsan nga ay hindi man lang ngumingiti. Pero kahit ganoon ay crush pa rin ito ng mga kasamahan niya. At siya? Well, she would be his wife in the future!

“Are you staring at my butt?” pukaw nito na nakaharap na pala sa kanya.

“Of course not! Ang bastos mo!” Napahiya siya dahil guilty siya.

“Hindi ako bastos, nagtatanong lang ako. Sa lahat kasi ng ayaw ko ay’yung natutulala pag kausap ako.”

“Hindi ako natutulala!” tanggi niya.

“You’re guilty. It’s all over your face.” Once again, in that cold voice of his.

“Masyado ka lang praning!”

“You like me, Nerellie,” he said in a confident voice na parang nanunuya pa ito.

Tiningnan niya ito nang derecho, “You will be

my husband.”

Nagsukatan sila ng tingin. Napansin niyang kaagad nagbawi ng tingin si Ax at marahang tumawa.

“I will *not* marry you. Para na kitang kapatid. So stop dreaming.” Pagkuwan ay nagpatuloy na itong lumakad at tumigil sa harap ng isang pinto, marahil ay ito na ang magiging kuwarto niya.

Binuksan nito iyon at inilapag sa ibabaw ng kama ang baggages niya. Pumasok na rin siya pagkatapos ay isinara niya nang marahan ang pinto. Nakita niya ang pagkunot-noo ng binata sa ginawa niya. Lumakad siya patungo rito.

“Kiss me, Ax. Patutunayan kong hindi kapatid lang ang magiging turingan natin sa isa’t isa,” she said in a seductive voice. Nakakahiya man ang gagawin niya ay wala na siyang pakialam. Matagal na niyang pinangarap si Ax na maging first kiss niya, heto na iyon! Hindi na niya palalampasin pa ang pagkakataon.

She touched his collar and pressed her body against his. Then she moved her hand and encircled his neck. Pumikit siya at hinintay ang paghalik nito sa kanya.

But he pushed her slowly. Nagmulat siya ng mata. She saw disgust in his brown eyes. Inalis nito

ang pagkakahawak niya sa leeg nito. “I can’t believe you’re doing this, Nerellie. Sanay ka kasing nakukuha mo ang gusto mo. But not me.” Tumalikod na ito sa kanya, binuksan nito ang pinto at lumabas.

Nahihiyang napaupo si Nerellie sa kama. She felt like a total idiot. Pinahiya na naman siya ng future husband niya! Mailap pa rin ito sa kanya. *What if kapatid nga lang talaga ang turing niya sa akin? Napaka-unfair naman n’un, I’ve never loved anyone but him.*

Hindi siya papayag, hindi siya susuko. Mahal niya si Ax simula pa nang malaman niyang ito ang pakakasalan niya balang araw. Wala na siyang ibang tiningnan pang lalaki. Her eyes were only set on him, kahit madalas niya itong pinapangarap sa picture lang, at kapag sa personal naman ay sa parties na dinadaluhan niya sa mansion ng mga Montelibano.

Hindi siya masyadong kinakausap ni Ax, but she never took her eyes away from him. Alam niyang marami na ang naging girlfriends nito, hindi na nga niya mabilang. But her father assured her na siya lang ang pakakasalan ni Ax. Na kahit sino pang babae ang dumating sa buhay nito, part lang iyon ng nagbibinata. He was just enjoying his single life. Basta ang mahalaga raw ay huwag muna siyang

makipag-boyfriend sa iba, dahil si Ax lang daw dapat ang one and only man in her life. Sinunod niya ang kagustuhan ng kanyang ama; sa dami ng manliligaw niya noong high school at kolehiyo, ni isa ay wala siyang sinagot sa mga ito. Dahil ang puso at isip niya ay na kay Ax Montelibano lamang.

“Now what? Paano ko ba mapapalambot ang puso ng lalaking ’yun sa akin?” sambit niya at napahiga siya sa kama. “I will make you kiss me, Ax. And I assure you, you will love me.”

Sa kaiisip niya sa guwapong mukha ng binatang doctor ay hindi niya namalayang nakatulog na pala siya.

Pagkaraan ng ilang sandali ay nagising siya sa katok sa pinto ng silid niya at ang marahang pagbukas niyon. “Kanina ka pa pinapatawag ni Mama.” Si Ax ang nagsalita. “Kanina pa kumakatok ang mga maids, hindi ka nagbubukas ng pinto.”

Kahit inaantok pa ay bumangon na rin ang dalaga. “Pasensya na, nakatulog ako.”

Lumapit ito sa kanya. “Kanina ka pa nga tulog nang tulog. Wala ka bang tulog sa nagdaang mga araw?”

Tumayo siya. “Wala, eh. Hindi ako makatulog. Sa dami ng nangyari sa buhay ko sa nakaraang linggo, wala pa akong matatawag na matinong tulog.”

Tumaas ang kamay nito at hinaplos ang pisngi niya, napakislot siya. Tuluyan nang nagising ang diwa niya. Their eyes met.

Pagkatapos ng ilang sandali ay nakita niya ang pagkabigla sa mukha ng binata, at kaagad nitong binawi ang kamay sa pagkakahaplos sa kanyang pisngi.

Tumalikod na ito. “Ayusin mo muna ang sarili mo pagkatapos ay bumaba ka na. We’ll have dinner with the whole family.” Iyon lang at lumabas na ito ng silid.

Naguluhan si Nerellie sa naganap lang kanina. Nakita niya ang paglambot ng mukha nito pagkatapos ay parang sa isang iglap ay ibinalik nito ang kalamigan sa anyo. Hinaplos niya ang pisngi niyang hinawakan nito. The warmth of his hand sent shivers down her spine.

Oh, Ax. I’ll make you fall in love with me.

Nagtungo na siya sa banyo at naligo nang mabilis saka nagbihis. Dagli-dagli siyang bumaba ng hagdanan.

Si Slash ang lumapit sa kanya, nakangiti ito at hinawakan ang braso niya. “O, Nerellie, come. Sabi ni Kuya Ax, nakatulog ka daw? Sabi ko nga, hinayaan ka na lang muna sana niyang magpahinga.”

“No. I’m fine. Nakaidlip lang ako nang kaunti.” Sinamahan siya nito sa dining room. Maaliwalas tingnan ang bahaging iyon ng mansion. May walong upuan ang magarang dining table. “Good evening po, Ninong. Pasensya na po natagalan ako.” Pinaupo na siya ni Slash sa upuang hinila nito para sa kanya. Katabi niya si Ax. Nasa harapan naman niya si Joseia, binati rin niya ito.

“It’s okay, Hija. Alam naman naming wala ka pang matinong tulog,” sagot ng Ninong Roberto niya.

“Thank you po.” Sinulyapan niya si Ax na hindi man lang siya tinapunan ng tingin pagkapasok niya ng dining room.

“Hi Nerellie!” bati ni Nicole na mukhang kararating lang. Hinalikan siya nito sa pisngi pagkatapos ay umupo na sa tabi ni Slash, na katabi naman ng ginang. “Ako na lang pala ang wala dito.”

“Saan ka ba galing, Nic?” maawtoridad na tanong ni Ax. Alam niyang mas istrikto ito sa bunsong kapatid kaysa sa ama nito. She smiled when she saw Nicole

rolled her eyes.

“I was with my friends, Kuya.” Binalingan siya ng babae. “Nerellie, may ikukuwento ako sa iyo mamaya. May ipapakilala ako sa iyo. Matagal na palang may crush sa iyo ’yung isa kong kaibigan.”

“Sino?” tanong niya. Nagsimula nang kumain ang lahat.

“John ang pangalan niya. He’s into you,” kinikilig na sabi pa nito. Napatawa na lang siya.

Sumabad si Slash, “John? ’Yung mukhang nerd?” Umiling-iling pa ito, “Hindi sila bagay ni Nerellie.”

“Kuya, matagal mo nang hindi nakita si John. He looks fine now. Hindi na siya mukhang nerd,” pahayag ni Nicole.

“Nic, hindi mo dapat ipinapakilala sa iba itong si Nerellie. Alam mo ang dahilan,” ani Joseia na ngumingiti-ngiti.

Umismid ang bunsong anak. “As much as I like Nerellie to be my sister officially, hindi naman sila bagay ni Kuya Ax, Mama. Kuya Ax is so stiff.” Nginitian siya nito. Pakiramdam niya ay may binabalak ang kaibigan na hindi niya alam. Alam kasi nitong malaki ang pagkakagusto niya sa nakatatandang kapatid

nito. At alam din niyang boto ito sa kanilang dalawa ni Ax.

“I’m not stiff,” tanggi ng katabi niyang si Ax na hindi na maipinta ang mukha.

“Yes, you are,” pang-aalaska ni Slash.

Natawa si Roberto sa takbo ng usapan ng mga anak, alam na alam ng mga ito kung paano pikunin ang panganay. “Why don’t we ask Nerellie first?” Binalingan siya nito, “Hija, would you like to meet this friend of Nicole?”

Nasamid siya, kasalukuyan kasi siyang umiinom ng juice. “Ho? Uhm...” Nakatingin sa kanya ang pamilya Montelibano maliban kay Ax. Hinihintay ng mga ito ang sagot niya. “My dad... told me that I should not entertain any suitors,” aniya, sabay sulyap sa katabing lalaki.

Napangiti ang mga kasalo ngunit nanatiling pormal ang mukha ng cardiologist. Nakita niyang patagong ngumiti si Nicole.

“You’re so loyal, Nerellie,” komento nito. “You should date someone other than Kuya Ax,” tudyo pa nito.

Namula ang pisngi niya sa narinig. Alam kasi

ng lahat ang nararamdaman niya kay Ax. Narinig niyang minsan na binanggit ng daddy niya sa mga Montelibano na crush niya ang lalaki simula pa pagkabata, kaya hindi na bago sa kanya ang teasing tactics ng mga ito.

Si Ax lang yata ang mukhang hindi natutuwa sa takbo ng usapan. Tumikhim ito at humarap sa kanya. “You should go out with someone.”

Napaangat ang tingin niya rito, tila ba ipinagtatabuyan siya nito palayo. *Well, what’s new? Ganyan naman talaga siya pagdating sa akin.*

Natahimik ang lahat. Napahiya si Nerellie sa tinurang iyon ng binata. She lowered her head and continued eating.

Si Slash naman ay inalok pa siya ng ulam, at ngumiti sa kanya kasabay ng pagsabing, “Eat more.”

She smiled to Slash’s concern toward her. Bakit hindi na lang kaya ito ang ipinagkasundo sa kanya? But the thought vanished quickly. Natitiyak kasi niyang mas gusto pa rin niya si Ax. Kapatid lang ang turing niya kay Slash. Lagi nitong ipinagtatanggol siya sa kasungitan ng kuya nito noong bata pa sila. Pero hindi niya minsan nagustuhan ito higit pa sa kapatid.

3

Dalawang linggo na ang lumipas mula nang mailibing ang mga magulang ni Nerellie. Ilang araw na rin siyang nakatira sa bahay ng mga Montelibano. Bumalik na rin siya sa pagtatrabaho. Dapat sana ay dati pa siyang bumalik sa duty kaya lang ay mariing tumanggi ang Ninong Roberto niya. Binigyan siya nito ng one-week leave upang mas makapagpahinga pa siya. Ipinagpasalamat naman niya iyon.

Nagkaroon sila ng bonding moments ni Nicole, si Slash naman ay lagi siyang ipinapasyal samantalang sila ni Ax ay ganoon pa rin. Malamig pa rin ang pakikitungo ng binata sa kanya. Minsan ay nahuli niya itong nakatingin sa kanya nang minsan siyang nag-iikot sa hardin ng mga ito. Nang lalapitan na sana niya ito malapit sa pintuan ay tumalikod ito at pumasok na sa loob ng mansyon.

“Girls! Parating na daw si Doc Ax!” impit na sigaw ng kasamahan niyang si Mariz na nakapagpatigil sa kanya sa pagsusulat sa chart.

“Paano mo nalaman?” tanong niya. Hindi pa rin niya mapigilan ang ma-excite kahit lagi naman niya itong nakikita sa bahay.

“Tinawagan ako ng isang staff mula sa business office. Tapos na daw ang meeting nina Doc Ax. Sigurado akong pupunta na siya dito. May bago siyang admit na pasyente sa atin,” nagniningning sa mga matang sagot nito.

Kung hindi lang niya kaibigan ito ay maiirita siya sa pagkilig-kilig nito. Napahalakhak siya nang malakas sa naisip na hindi naman nito makukuha ang binatang itinatangi niya. Hinampas siya ng kausap sa balikat.

“Hoy, Nerellie! Nasisiraan ka na yata? Nadapuan ka na rin ng sakit ng Ax fever, ’noh?”

“Ax fever?” Napakunot ang noo niya.

“Yup. Iyan ang tawag namin sa sakit na dala ni Doc Ax sa ating mga kababaihan,” tatawa-tawang paliwanag nito.

Natigil lang ang pag-uusap nila nang dumating na sa nurse station si Ax.

“Good morning, Doc Ax,” isa-isang bati ng mga ito sa bagong dating.

Tumugon naman ito ng ngiti.

Mukhang maganda ang mood niya, ha! Ngumiti na rin siya, sabay bati. “Hi, Doc.” Tinapunan lang

siya nito ng tingin at tinanguan minus the smile. Ay, *masungit pa rin sa akin.*

“Nasaan ang charts ng mga pasyente ko?” tanong nito with that oh-so-sexy voice but still with authority in it.

Hindi magkandaugaga ang mga kasamahan niya ng pagbibigay rito ng mga charts. Pito kasi ang pasyente nito sa floor na iyon. Ibinigay na rin niya ang dalawang hawak niyang charts dito.

Akmang tatalikod na siya nang tawagin siya nito. “Miss Arcea, samahan mo ako sa mga pasyente ko.” Ibinigay nito sa kanya ang pitong charts.

“Doc, dalawa lang po ang handle ko sa pitong ito. Baka hindi ko po masagot nang tama ang tanong n’yo sa ibang mga pasyente,” turan niya. Apat silang nurses na naka-duty sa floor na iyon; hati-hati sila ng mga pasyente. Nagkataon na dalawa lang ang hawak niya sa mga pasyente nito. Alam niya kung gaano kaistrikto ang doctor pagdating sa mga ito. Kailangan alam niya ang lahat tungkol sa kalagayan ng mga ito kapag nagtanong ang binata. Dahil nga dalawa lang ang hawak niya sa pitong pasyente ay siguradong iyon lang ang alam niyang sagutin kapag nagtanong ito.

“Miss Arcea, I told you to come with me, right?”
maawtoridad na sabi nito.

Napatingin na lang kay Nerellie ang mga kasamahan niya na obvious ang simpatya sa kanya. Kahit kasi crush ng mga ito ang doctor, natatakot pa rin sila sa kaistriktuhan nito pagdating sa mga pasyente. Isang mahinang ‘good luck’ ang narinig niya mula sa mga ito bago pa siya sumunod kay Ax.

Mabagal na naglalakad sa pasilyo ang lalaki kaya naabutan niya ito. Lumingon ito sa kanya kaya nakita nito kung paano siya nabigatan sa hawak niyang pitong charts.

“Is it heavy?” tanong nito in a teasing voice.

“Hay naku! Obvious ba?” pairap niyang sabi. Alam niyang inaasar siya nito.

“Maganda ’yan para magka-muscle ka,” saad pa nito na sinabayan ng tawa.

Aba, talagang nag-e-enjoy pa ang lalaking ito, tatawa lang pala ito sa kanya kung inaasar siya. “Talagang gusto mo akong pinahihirapan, ’no?”

“Is it obvious?” There was that smile in his eyes again. Minsan-minsan lang niyang nakikitang tumatawa ito pero hindi sa harapan niya.

“Kapag naging mag-asawa tayo, ikaw naman ang pahihirapan ko, Ax Montelibano!” tudyo rin niya.

Huminto ito sa pagtawa saka sumeryoso ang mukha. “Naniniwala ka pa rin sa kasunduan na iyon ng mga magulang natin? Come on, grow up!”

“I’ve grown up, Ax! Kung hindi mo pa rin nakikita iyon ay wala na akong pakialam. You *will* marry me, natitiyak ko iyan sa iyo,” determinadong sabi niya.

Muli ay napangiti ito sa kanya. “Mark my word, young lady. I won’t marry a child like you.”

“I’m not a child anymore!” inis na tugon niya, sabay ng pagpadyak ng paa. *Bakit ba niya ipinagpipilitan na bata pa ako?* “I’m twenty-one!”

“Still a child, nevertheless. Kasing-edad mo lang ang kapatid kong si Nicole.”

“So, that’s it? It’s about the age gap, right? Sampung taon lang ang agwat mo sa ’kin, Ax.”

Umiling-iling ito. “You will never understand kahit sabihin ko pa sa iyo.” Pagkatapos ay binuksan na nito ang pinto ng silid ng una nilang pupuntahang pasyente.

Habang nakikipag-usap si Ax sa pasyente at bantay nito ay hindi pa rin mawala sa isip ng dalaga ang huling sinabi nito. “*You will never understand kahit sabihin ko pa sa iyo.*” Ano ba ang hindi niya naiintindihan? Bakit hindi nito sabihin sa kanya ang dahilan ng pag-ayaw nito sa kasalang itinadhana na sa kanila? Dahil ba may iba na itong natitipuhan? Pero ang alam niya ay wala pa itong ipinakilalang babae sa mga magulang nito. Kahit marami-rami ang naging girlfriends nito, wala pa raw itong inuuwi sa bahay, ayon na rin kay Tita Joseia.

So what’s the problem? Might be the age, pero ten years lang naman ang agwat ng edad nila.

Hindi talaga niya maintindihan si Ax. Maganda naman siya, matalino pa. Marami rin ang nagkakagusto sa kanya. Marami rin siyang naging manliligaw. Pero bakit si Ax, hindi siya kayang magustuhan?

Napatingin siya sa doctor habang nagpapaliwanag ito sa pasyente. Nakatayo siya sa tabi nito, hawak niya ang chart ng kasalukuyang pasyente. Hindi niya mapigilan ang hangaan ang kaguwapuhan ng binata—fair skin, expressive brown eyes, matangos ang ilong, black silky hair na may kahabaan nang kaunti and those sensual lips. Manipis ang upper lip nito, contrast to his full lower lip. Malinis din

ang pagkaka-shave nito. Iyon ang gusto niya sa mga lalaki, very neat tingnan. He was different from his brother Slash who was handsome in a rugged way.

“Miss Arcea, you’re not listening to me.” Natigil ang pag-iisip niya nang magsalita si Ax.

“Ano po, Doc?” Namula siya; nahuli siya nitong nakatulala rito. How stupid of her!

“Tinatanong ko kung pang-ilan na ang suwero ng pasyente?”

Mabilis na ini-scan niya ang chart. “Panglima na ho, Doc.”

“Salamat. And pay attention next time.”

Napahiya si Nerellie. Hindi kasi niya namalayan na lumilipad na pala ang kanyang isip. Napatingin siya sa matandang pasyente, nakatingin din ito sa kanya at ngumiti. *Gosh! Nakakahiya! Ano pa kaya’ng ihaharap kong mukha sa mga ito mamaya!*

“Give me the chart,” utos ni Ax sa kanya. Tumalima naman siya. Nagsulat na ito ng mga bagong orders pagkatapos ay binasa sa harapan niya. Maganda ang sulat-kamay nito kumpara sa ibang doctors kaya naiintindihan naman niya ang nakasulat gayunpaman ay nakinig pa rin siya sa dictation nito. “Got it?”

“Yes, Doc,” sagot niya.

Nagpaalam na sila sa pasyente. Paglabas na paglabas pa lang nila sa patient’s room ay binalingan na siya kaagad nito.

“Will you stop daydreaming about me? Lalo na kapag nasa trabaho tayo.”

“What?”

“You heard me.”

“I... I’m not!” tanggi niya. “Bakit mo naman naisip na ikaw ang iniisip ko?”

Yumuko ito sa kanya, she was only 5’3” in height while he was over six feet. Bumulong ito sa kanya, “Kanina, I saw you. Nakanganga ka pa habang nakatingin sa mukha ko.”

Tinulak niya ito, namula siya. “Hindi ko naman ginawa ’yang binibintang mo.” *Ginawa ko ba talaga ’yun?*

“Oh, believe me. You did. And I’m kind of embarrassed,” he said, teasing her again.

“Sinungaling!” Pulang-pula na yata siya sa kahihiyan.

He took her hand. Hindi niya nagawang bawiin

iyon kaagad. “Tsk, tsk! You’re cold.”

“Yeah. Nanlalamig ako sa galit sa iyo, Dr. Ax Montelibano!” impit na sigaw niya. Ayaw niyang makagawa ng commotion, baka may makarinig sa kanila.

“You’re blushing,” tatawa-tawa pang sabi nito. Hawak pa rin nito ang kamay niya. Like he was giving her hand warmth.

“Dahil nga galit ako sa iyo kaya namumula ako.”

“No, you’re not mad at me.”

“I am!” giit niya

“No, you’re not,” mariing tugon nito.

“Oh, shut up!” Binawi niya ang kamay mula sa pagkakahawak nito. Nakita niyang nagsalubong ang mga kilay ng binata sa kanyang ginawa, pero hindi niya pinansin iyon. She tried to be formal. “Doc, puwede na po ba tayong pumunta sa ikalawang pasyente ninyo?”

“Yeah,” maikling sagot nito. Saglit muna siya nitong tiningnan pagkatapos ay tinalikuran siya at lumakad patungo sa dulo ng pasilyo. Doon kasi ang silid ng susunod na pasyente nito.

Tahimik siyang sumunod dito. Nakakahiya talaga ang ginawa niya kanina. Para pa rin siyang teenager na natutulala sa crush. Hindi niya masisi si Ax kung turing nito sa kanya ay bata. She's acting immaturely everytime she's in front of him.

Sa sumunod na mga pasyente ay sinikap niyang makinig sa sinasabi ng lalaki sa mga pasyente nito. Kung gusto niyang paibigin ito, she should start acting maturely now. Maybe Ax wanted her to be mature enough for him.

Nalibot na nila ang pitong pasyente nito sa floor na iyon. Bumalik na sila sa nurse station.

“Thank you, Doc,” sabay-sabay na sabi ng kapwa nurses niya nang makitang paalis ang guwapong doctor.

Ngumiti naman ito sa kanila pagkatapos ay binalingan siya. “Thank you for accompanying me, Nerellie. See you later. Naghanda ng masarap na hapunan ang Mama.”

Nagulat siya sa narinig. Kailan pa naging concerned ito sa kanya? It felt weird. *End of the world na ba?*

“Hey! Ano 'yun? Kayo na ba ni Doc? Pupunta ka sa kanila?” excited na tanong ni Mariz pagkaalis ni

Ax. Hindi pa pala niya nasasabi rito na tumutuloy siya sa tahanan ng mga Montelibano.

Huminga siya nang malalim bago sumagot, “Sa kanila ako nakatira. Di ba ninong ko si Dr. Roberto? Nasabi ko na iyon sa iyo, di ba?”

Napatili si Mariz, sumakit ang tainga niya. “Oo, nasabi mo na pero hindi ko alam na nakatira ka na sa kanila ngayon. Hindi mo sinabi sa akin,” akusa pa nito.

“Gusto ni Ninong na sa kanila muna ako manatili kaysa daw mag-isa ako sa bahay.”

Tumango ito. “Oo nga. Tama iyong desisyon mo na iyon. Tiyak na malulungkot ka lang sa bahay n’yo.” Nakikisimpatya ang tinig nito.

“Kaya nga pumayag ako.”

“So, may relasyon ba kayo ni Doc Ax?” tanong ni Mariz. Halatang ayaw siyang palagpasin nito.

Napatawa siya. Ano kaya ang magiging reaksyon nito sa sasabihin niya? “As a matter of fact, he’s my fiancé.”

“What!” Tulad ng inaasahan niya, na-shock ito sa sinabi niya. “Ikakasal na kayo? Bakit ngayon mo lang sinabi sa akin iyan?”

“Well, actually, wala kaming relasyon ni Ax. Ipinagkasundo lang kami ng mga magulang namin.”

“And?” Tila excited pa rin ito sa malalaman pa mula sa kanya.

“Wala na. He doesn’t like me to be his wife,” malungkot na sabi niya.

“Ha? Sa ganda mong iyan, hindi ka niya gusto? Alam mo bang halos lahat ng kalalakihan dito na single ay nagpaplanong ligawan ka?”

Napangiti siya. “But not Ax.”

“Ano ka ba? Pinapahina mo ang sarili mo niyan, eh. Gawa tayo ng paraan para magustuhan ka niya.”

“Di ba gusto mo rin si Ax? Bakit mo ako tutulungan?”

“Alam ko namang wala akong pag-asang magustuhan niya, kaya hanggang tingin na lang ako.” Tumawa pa ito bago nagpatuloy sa pagsasalita, “Mas boto na ako sa iyo kaysa sa mga nababalitaan kong naging girlfriends ni Doc. At least, kung ikaw na kaibigan ko, magiging close din kami ni Doc Ax pati na rin ang kapatid niyang si Sir Slash.”

Napakunot-noo siya. “Teka, gusto mo na ngayon si Slash? Akala ko ba si Ax ang crush mo?”

Mamahalin Mo Rin Ako - Krystal Raine

Tumili ito. “Ah, basta, gusto ko sila pareho. Anyway, pag-usapan natin kung paano mo maaakit iyang si Doc Ax.”

Tinawanan na lang niya ang ideya nito.